OPISYAL NA LATHALAIN NG DA-ATI CALABARZON

# SIKLAB 15

IKA-15 NA ISYU | ENERO - HUNYO 2024




## *Organikong Pagsasaka, Garantisadong Negosyong Kumikita:* Ang Kwento ng Tagumpay ni Agripina Replan-Ochoa

TAMPOK NA KWENTO **Sundan sa PAHINA 6**




**3** DA-ATI CALABARZON, kinilala bilang napakahalagang katuwang ng DA-PhilRice Los Baños sa pagpapatupad ng RCEF Seed and Extension Program



**5** Pagpapataas ng kita ng mga magniniyog, layong tugunan ng pagsasanay sa *coconut-cacao intercropping* ng iba't ibang ahensya



**11** Pagsasanay sa paggawa ng mga produkto mula sa niyog, inaasahang magbibigay ng dagdag-kita sa mga magniniyog

# Mga Nilalaman


**03** DA-ATI CALABARZON, kinilala bilang napakahalagang katuwang ng DA-PhilRice Los Baños sa pagpapatupad ng RCEF Seed and Extension Program

Kabataang *agripreneur* mula Quezon, pinaghuhusay ang kasanayan sa makabagong sistema ng pagsasaka

**04** *Farm tour* sa *urban garden* ng DA-ATI CALABARZON, handog sa kababaihan ng Trece Martires City

Kumikitang kabuhayan sa pag-aalaga ng bubuyog, tampok sa pagsasanay ng DA-ATI CALABARZON

**05** CALABARZON Farm Youth Day, layong mas palakasin ang interes ng kabataan sa agrikultura; mga kalahok, nagpamalas ng talento

Pagpapataas ng kita ng magniniyog, layong tugunan ng pagsasanay sa *coconut-cacao intercropping* ng iba't ibang ahensya

**06** Organikong pagsasaka, garantisadong negosyong kumikita: Ang kwento ng tagumpay ni Agripina Replan-Ochoa

**08** Kapit-bisig sa kaunlaran: Mula sa maliit na organisasyon ng mga magsasaka tungo sa isang masaganang kooperatiba

**09** Na-*coco-amaze* na tagumpay ni Minda Giangan: Kung paano tinulungan ng pagniniyog si Minda hanggang makabuo ng produktibong kooperatiba

**10** 2 kooperatiba ng mga magsasaka sa CALABARZON, ganap nang Organic Certifying Body sa pagsasaka

Pagpapataas sa produktibidad ng sakahan, target ng pagsasanay sa *rice-based farming system and diversification technologies*

**11** Pagsasanay sa paggawa ng mga produkto mula sa niyog, inaasahang magbibigay ng dagdag-kita sa mga magniniyog

Dagdag-kaalaman at kita sa pag-aalaga ng *native* na manok, hatid ng DA-ATI sa mga katutubong Ayta sa Batangas


# Patnugutan


**Rolando V. Maningas, PhD**
**Sherylou C. Alfaro**
Mga Tagapayo

**Maridelle G. Jaurigue**
Punong Patnugot

**Archie C. Linsasagin**
Katuwang na Patnugot

**Janine L. Cailo**
**Hans Christopher C. Flores**
**Maridelle G. Jaurigue**
**Archie C. Linsasagin**
Mga Manunulat

**Eleazar C. Abestado**
**Archie C. Linsasagin**
Mga Tagalapat

**Ramonchito F. Castillo (PCA IV)**
**Charie M. Pagkaliwangan (PCA IV)**
Mga Kontribyutor


# Tungkol sa SAKLAB

Ang pahayagang ito ay **naglalaman ng impormasyon** ukol sa mga **pagsasanay** at iba pang **gawaing pang-ekstensyon** ng **Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON** sa loob ng isang semestre.

Maaaring mag-iwan ng komento o suhestyon sa opisyal na email: rtc_calabarzon@ati.da.gov.ph.

# DA-ATI CALABARZON, kinilala bilang napakahalagang katuwang ng DA-PhilRice Los Baños sa pagpapatupad ng RCEF Seed and Extension Program

*Maridelle Jaurigue*

**LOS BAÑOS, Laguna – Binigyang-pagkilala ng DA-Philippine Rice Research Institute (PhilRice) Los Baños ang mga inisyatiba ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) sa CALABARZON sa pagpapatupad ng programang Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF), sa isang seremonya na ginanap sa Baker Memorial Hall noong Marso 15.**

Tinanggap ni Career Development and Management Section (CDMS) Chief Bb. Vira Elyssa Jamolin at Rice Program Focal Person Bb. Mary Grace Leidia, sa ngalan ni Center Director Dr. Rolando Maningas, ang pagkilala sa ahensya sa ginanap na "2024 RCEF Partners Recognition and Awarding Ceremony."

Samantala, ginawaran ng parangal ang ilang lokal na pamahalaan bilang "Top-Performing LGU" sa iba't ibang kategorya para sa *dry-season* ngayong taong 2024: Tanay, Rizal (*small-scale* ); Polillo, Quezon (*medium-scale* ); at Sariaya, Quezon (*large-scale*).






- Tanay, Rizal *(small-scale category)*
- Polillo, Quezon *(medium-scale category)*
- Sariaya, Quezon *(large-scale category)*

Kinilala rin ang 39 na lokal na pamahalaan sa rehiyon at ang limang probinsya para sa kanilang kontribusyon sa programang RCEF. Sa mensahe ni DA-PhilRice Executive Director Dr. John C. De Leon, hinikayat niyang ipagpatuloy ang magandang gawaing ipinamamalas ng mga LGU sa larangan ng pagsasaka upang mapabuti ang serbisyo para sa mga magsasaka sa rehiyon.

# Kabataang *agripreneur* mula Quezon, pinaghuhusay ang kasanayan sa makabagong sistema ng pagsasaka

*Archie Linsasagin*

**Patuloy na pinagyayaman ng kabataang *agripreneur* mula sa Tiaong, Quezon na si Jairo P. Rabano ang kasanayan sa mga teknolohiyang pang-agrikultura at makabagong sistema ng pagsasaka bilang *intern* ng programang Young Filipino Farmer Leaders Training Program in Japan (YFFLTPJ) 2024.**

Matatandaang isa si Rabano sa limang *shortlisted* na mga aplikante sa rehiyon matapos ang mga pagsusuri at *field validation* ng DA- Agriculture Training Institute (ATI) CALABARZON.

Isang buwan siyang nagsanay sa iba't ibang teknolohiyang pang-agrikultura at wikang Nihongo at kalauna'y naging kwalipikado bilang *intern* sa Japan. Nakamit din niya ang unang pwesto (*top* 1) sa buong klase ng *pre-departure orientation course* (PDOC).

Nitong ika-12 ng Abril, lumipad si Rabano patungong Japan para sa nasabing 11-buwang *internship* na inaasahang matatapos sa ika-20 ng Pebrero, 2025.

Aniya, bagama't nakapapagod, masaya ang kanyang karanasan sa Japan at marami siyang kaalamang natututuhan mula sa pamamaraan ng pagsasaka sa bansa.

*"Marami na po akong natutunan kasi bago po lahat sa akin pagdating sa grape production. Nalaman ko na po ang mga special practices sa pag-produce ng seedless at malalaking grapes, tamang flower thinning, fruit thinning, pruning, at proper irrigation,"* aniya.

Layon naman ni Rabano na maibahagi ang mga kaalamang ito sa mga lokal na magsasaka sa Pilipinas upang mapaigting ang paggamit ng mga epektibong paraan sa pagsasaka at mapataas ang kanilang produksyon at kita.



Katuwang ang Japan Agricultural Exchange Council (JAEC), patuloy ang ATI sa pagpapatupad ng nabanggit na programa na naglalayong bigyan ng pagkakataon ang mga kabataang magsasaka sa Pilipinas na mapagyaman ang kaalaman at kasanayan sa makabagong sistema ng pagsasaka.

Nagtapos si Rabano sa kursong Agriculture sa University of the Philippines Los Baños at nag-iisang kinatawan ng CALABARZON para sa YFFLTPJ 2024. Kabilang din si Rabano sa mga kabataang *agripreneur* na nakatanggap ng suporta mula sa ATI sa ilalim ng Youth Agripreneurship Program (YAP) para sa kanyang *agribusiness proposal* na "Hydroponics Lettuce Ice Cream."



# *Farm tour* sa *urban garden* ng DA-ATI CALABARZON, handog sa mga kababaihan ng Trece Martires City

*Janine L. Cailo*

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Bilang pakikiisa sa Buwan ng Kababaihan tuwing Marso, inihatid ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON sa kababaihan ang iba't ibang pang-ekstensyong gawain gaya ng pagsasanay at pagpapakita ng mga teknolohiya sa pagtatanim.**



Layon ng mga aktibidad na kilalanin ang kahalagahan ng kontribusyon ng kababaihan sa lipunan.

Pormal na sinimulan ang gawain noong ika-4 ng Marso sa pamamagitan ng pagpapahayag ng suporta ng mga kawani ng DA-ATI CALABARZON sa pagsusulong ng karapatan ng mga babae at sa pagkakapantay-pantay. Natunghayan din *online* ang nasabing gawain sa pamamagitan ng Facebook Live.

Kasabay naman ng pagdiriwang ng International Women's Day noong ika-8 ng Marso, malugod na tinanggap ng ahensya sa UrbanATIn'To Technology Demonstration Farm ng DA-ATI CALABARZON ang mga bisitang kababaihan mula sa mga kalapit na komunidad sa lungsod.

Natutuhan nila ang iba't ibang pamamaraan ng pagtatanim sa maliit na espasyo at nakatanggap din ng *urban agriculture starter kit* matapos ang maikling demonstrasyon upang hikayatin sila na magsimula ng isang *urban garden.*

Sa kabilang banda, nagsagawa rin ang ahensya ng isang araw na seminar noong ika-11 ng Marso sa Training Hall nito tungkol sa iba't ibang kakayahan ng isang lider, kung saan nagsilbing tagapagtalakay ang mga babaeng lider ng ahensya. Tinalakay rin sa seminar ang pagpapalakas ng kalusugang pangkaisipan ng mga kawani.

Dagdag pa sa mga gawaing nabanggit ang pagsusuot ng kulay lila na damit tuwing Biyernes at pagkilala sa mga kababaihan sa agrikultura sa pamamagitan ng *social media platforms* ng ahensya.

Ngayong taon, may temang "Lipunang Patas sa Bagong Pilipinas: Kakayahan ng Kababaihan, Patutunayan!" kung saan binibigyang-diin ang pagsulong tungo sa isang mas patas na lipunan at mas pantay na mga oportunidad, malaya mula sa mga hadlang sa diskriminasyon sa kasarian.

Pinangunahan ng ahensya ang iba't ibang pang-ekstensyon na gawain tulad ng pagsasanay at pagpapakita ng mga teknolohiya sa pagtatanim.



# Kumikitang kabuhayan sa pag-aalaga ng bubuyog, tampok sa pagsasanay ng DA-ATI CALABARZON

*Archie C. Linsasagin*

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Upang matulungan ang mga kalahok na magkaroon ng dagdag na pagkakakitaan, tampok sa tatlong-araw na "Honey to Money: Training on Beekeeping" ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang kumikitang kabuhayan mula sa pag-aalaga ng mga bubuyog na isinagawa noong Abril 30 hanggang Mayo 2, 2024.**

Binubuo ng mga Magsasaka Siyentista, miyembro mula sa mga *Rural Improvement Club*, at kawani ng mga *Learning Site for Agriculture* ng DA-ATI sa rehiyon ang 31 mga kalahok na nagtapos sa nasabing pagsasanay.

Kabilang sa mga paksang ibinahagi ang *Bee Experiences of the Adopters, Bee Biology, Introduction to Stingless Beekeeping, Issues and Concerns in Beekeeping, Common Pests and Diseases of Bees, Economics of Beekeeping,* at ang *Bee Product Development and Marketing Strategies.* Nagkaroon din sila ng aktibidad sa aktwal na *beehive splitting* at pagha-*harvest* ng *honey*.

Bilang bahagi ng pagsasanay, bumisita ang mga kalahok sa iba't ibang *apiary sites* o mga *farm* na may mga alagang *stingless bee*, gaya ng Profeta's Integrated Farm sa Tanza, Cavite; at Mai Kanlungan sa Indang, Cavite.

*"Zero knowledge po ako sa beekeeping bago magsimula ang training, pero ngayon po marami po akong natutunan. Talagang ang beekeeping po ay pwedeng pagkakitaan dahil madami [na produkto] ang pwede pong magawa sa honey at sa hive ng stingless bee,"* pahayag ni Jenalyn Mendoza ng Adoress Farm.

Pinangunahan ang pagsasanay ng Information Services Section ng DA-ATI CALABARZON, sa pakikipagtulungan sa Cavite State University's Bee Research, Innovation, Trade, and Extension (BRITE) Center. Nagsilbi namang tagapagtalakay sina Dir. Michele Bono at Dr. Dickson Dimero na kapwa mula sa BRITE Center.

Ayon sa BRITE Center, malaki ang potensyal ng pag-aalaga ng mga bubuyog o *apiculture* bilang dagdag na kumikitang kabuhayan para sa mga magsasaka dahil sa dami ng produktong maaaring magmula rito gaya ng *honey, beeswax, propolis,* at *royal jelly.*

## CALABARZON Farm Youth Day, layong mas palakasin ang interes ng kabataan sa agrikultura; mga kalahok, nagpamalas ng talento

*Archie C. Linsasagin*

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Nagpamalas ng angking talento at kasanayan sa iba't ibang kompetisyon na may temang pang-agrikultura ang mga kabataang kalahok sa Regional Farm Youth Day ng CALABARZON na isinagawa sa DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON Training Hall, Mayo 3, 2024.**

May tema itong "RELIVE the 4-H in YOUth: Re-energizing and Empowering 4-H Leaders in Valuable Agri-fishery Engagements." Layon ng nasabing aktibidad na hubugin pa ang interes at pagkilala ng mga kabataan sa agrikultura.

Sa pangunguna ng Career Development and Management Section (CDMS) ng DA-ATI CALABARZON, nagtagisan ang mga kalahok mula sa limang lalawigan sa rehiyon sa iba't ibang kategorya: *Quiz Bee,* 4-H *Agri-Innovation Pitching* o pagbuo ng *project proposal,* 4-H *Agri-Tale Contest* o paggawa ng maikling *video,* 4-H *SongCon: Duet,* at 4-H *Coco-based Cooking Contest.*

Kaugnay nito, nagkamit ang Laguna ng apat na parangal: Unang Pwesto sa *Agri-Tale Contest* at *Agri-Innovation Pitching,* at Ikatlong Pwesto sa *SongCon: Duet* at *Coco-based Cooking Contest.* Hindi rin nagpahuli ang Rizal na nag-uwi rin ng dalawang parangal: Unang Pwesto para sa *Coco-based Cooking Contest at SongCon: Duet.*

Nasungkit ng Cavite ang tatlong parangal: Unang Pwesto sa *Quiz Bee*, Ikalawang Pwesto sa *Coco-based Cooking Contest,* at Ikatlong Pwesto sa *SongCon: Duet.*



Nagtamo naman ng tatlong parangal ang Quezon: Ikalawang Pwesto sa mga patimpalak na *Agri-Innovation Pitching, Quiz Bee*, at *Agri-Tale Contest.*

Samantala, tatlong parangal din ang nakamit ng Batangas: Ikatlong Pwesto para sa *Agri-Innovation Pitching, Quiz Bee, Agri-Tale Contest.*

Nagsilbi namang kinatawan ng CALABARZON sa 71st 4-H *National Farm Youth Convention* ang mga nagkampeon sa iba't ibang kategorya. Ginanap ito noong Hunyo 18-21, 2024, sa Siargao Island kung saan nagtamo ng Ikalawang Pwesto ang CALABARZON (Calamba City) sa 4-H *Agri-Tale Contest.*

## Pagpapataas ng kita ng magniniyog, layong tugunan ng pagsasanay sa *coconut-cacao intercropping* ng iba't ibang ahensya

*Maridelle Jaurigue*

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Inilunsad ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON, sa pakikipagtulungan sa Villar Foundation Farm School & Tourist Farm at sa Philippine Coconut Authority IV, ang pagsasanay sa produksyon, pagpoproseso, *postharvest* ng niyog, at *coconut-cacao intercropping.***

Nakadisenyo ang pagsasanay na magtalakay ng *farm management practices* patungkol sa integrasyon o *intercropping* ng niyog at kakaw, kabilang ang pagbuo ng isang *nursery*, pagtukoy at pagsugpo sa mga sakit ng niyog, pag-ani, pagmarket ng mga produkto ng niyog at kakaw, at *by-products* na maaaring magawa mula rito.

Pagbabahagi ng isa sa mga kalahok na si Bb. Criselda Ballesta, isang magniniyog mula sa probinsya ng Quezon, malaking tulong ang pagsasanay sa pagpapalawak ng kanyang kaalaman tungkol sa ibang pwedeng pagkakitaan sa pagniniyugan.

Ani Ballesta, *"Akala ko alam ko na ang mga ginagawa sa aming niyugan, kasi 'yun po ang nakasanayan na namin. Pero dito sa training na ito, ako ay nagulat at ang mga ginagawa pala po namin ay patsamba-tsamba."*

Isa si Ballesta sa 30 mga magniniyog mula sa Cavite, Laguna, Batangas, Quezon, Camarines Sur, at Las Piñas City na lumahok sa limang-araw na pagsasanay.

Dagdag pa niya, *"Gayundin po, ako po ay tuwang-tuwa 'pag ang puno ng kakaw ko ay maraming dahon. 'Yun pala po ay kailangan ng pruning base sa mga natutunan natin dito. Isa pa po, kapag nagha-harvest po ako ng bunga ng kakaw namin ay talaga namang tuwang-tuwa po akong ikot-ikutin, pero 'yun pala po ay maling pamamaraan."*





*"Kaya po sobrang nagpapasalamat po kami sa lahat na nagbigay ng mga kaalaman para po kami ay mas lubos na magkaroon ng sapat na kaalaman at maitama po ang mga pamamaraan na ginagawa namin patungkol sa pagniniyugan at pagka-cacao,"* aniya.

Samantala, dumalo at nagbigay ng mensahe si Bb. Sherylou Alfaro, Assistant Center Director ng DA-ATI CALABARZON, sa seremonya ng pagtatapos ng pagsasanay.

Ang pagsasanay ay isang gawain sa ilalim ng programang Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP), na ginanap noong ika-15 hanggang ika-19 ng Abril 2024 sa lugar-sanayan ng DA-ATI CALABARZON.

# *Organikong Pagsasaka, Garantisadong Negosyong Kumikita:* Ang Kwento ng Tagumpay ni Agripina Replan-Ochoa

*Janine L. Cailo*



> Malaki palang tulong ang mga concoction upang mawala ang amoy ng baboy. Proud ka na ang ibinebenta mo ay walang kemikal, at masarap pa.

**Pagsasaka ang naging sandalan ni Agripina Replan-Ochoa o mas kilala bilang "Agring," bilang hanapbuhay nang siya ay magdesisyon na bumalik sa Pilipinas upang makasama ang kanyang mga anak.**

Tulad ng lahat ng mga nagsisimula, hindi naging madali ang mga unang hakbang sa pagsasaka. Sa gitna ng mga hamon na kanyang naranasan sa pagsasaka at personal na buhay, hindi siya nagpatinag dito at patuloy na umabante.

Sabi nga sa isang kataga, *"There is no force more powerful than a woman determined to rise,"* o walang lakas na hihigit pa sa isang babae na determinadong bumangon. Kaya ang kanyang kwento ay hindi lamang tungkol sa tagumpay ng isang magsasaka kundi pati na rin sa tagumpay ng pag-asa, determinasyon, at pagmamahal ng isang ina.

## Pagsisimula Muli ni Agring

Matapos ang 12 taon bilang isang *Overseas Filipino Worker* (OFW), pinili ni Agring na manatili na sa Pilipinas upang kanyang masubaybayan ang paglaki ng kanyang apat na anak. Dahil sa kanyang hilig sa pag-aalaga ng hayop at paghahalaman na kanya ring nadala habang siya ay nasa ibang bansa, napili ni Agring na tahakin ang pagsasaka, partikular ang pag-aalaga ng baboy.

Taong 2006 nang maging magsasaka siya sa Magdalena, Laguna, at kanyang itinayo ang Agrie's Integrated Natural Farm sa Brgy. Ilog sa nasabing bayan.

Matatagpuan sa kanyang 1.3-ektaryang sakahan ang iba't ibang tanim tulad ng kakaw, palay, mga gulay tulad ng kamatis at talong, at palaisdaan. Dito rin inaalagaan ni Agring ang kanyang mga manok, palakihing baboy, at mga katutubong baboy. Sa kanyang pagsasaka, iba't ibang teknolohiya ang kanyang isinasagawa tulad ng *Sustainable Pig Farming* (SPF) at organikong pagsasaka. Ang SPF ay inisyatiba ng Tanggapan ng Panlalawigang Beterinaryo ng Laguna at DA-ATI.

## Adbokasiya sa Organikong Pagsasaka

Sa kanyang pagsisimula sa pag-aalaga ng baboy, naging hamon kay Agring ang hindi kaaya-ayang amoy ng mga ito na hindi nagustuhan ng kanyang mga karatig-bahay. Sa kabila ng lahat ng ito, hindi sumuko si Agring dahil na rin sa siya na lamang ang inaasahan ng kanyang mga anak.

Sa tulong na rin ng pag-alalay ng mga ahensya ng pamahalaan, inendorso siya ng Tanggapan ng Pambayang Agrikultor upang dumalo sa pagsasanay sa SPF o mas kilala na 'babuyang walang amoy' noong 2012. Natutuhan niya sa pagsasanay ang mga bagong pamamaraan sa pag-aalaga ng hayop nang hindi nagkakaroon ng hindi kaaya-ayang amoy at mayroong malaking pakinabang sa kalikasan.

*"Habang ako ay nag-aaral, niyakap ko na po 'yung pamamaraan na itinuturo, sa kagustuhan na mawala ang amoy ng mga baboy ko,"* ani Agring.

Hindi naging madali ang pagbabago sa kanyang pamamaraan ng pag-aalaga ng baboy– mula sa pagpapakain ng *commercial feeds* patungo sa natural na pagpapakain. *"Noong una ay hindi ko pa kaya, pero nakaya ko na siya noong gumagawa na ako ng [natural] feeds,"* dagdag pa ni Agring.

Natuklasan niya na sa pamamaraang SPF, nababawasan ang hindi kaaya-ayang amoy ng *gas* na inilalabas ng baboy, nagiging malakas ang resistensya, at nakadaragdag sa pagtaas ng kalidad ng karne. Higit pa rito, lumiit ang kanyang gastos sa produksyon dahil gumagamit siya ng mga *bio-organic input* tulad Fermented Plant Juice (FPJ), Fermented Fruit Juice (FFJ), Fish Amino Acids (FAA), at mga gulay sa pagpapakain ng kanyang baboy.

Ayon kay Agring, nasa pagkain ang sikreto upang mawala ang amoy ng dumi ng baboy. *"Malaki palang tulong ang mga concoction upang mawala ang amoy ng baboy. Proud ka na ang ibinebenta mo ay walang kemikal, at masarap pa,"* pagmamalaki ni Agring.

Mula sa pamamaraang SPF, hangarin ni Agring na makapagbigay ng sariwa, garantisadong organiko, at de-kalidad na pagkain sa mga mamimili. Upang makamit ito, siya ay sumali sa Samahan ng Organikong Industriya ng Laguna (SOIL) bilang miyembro at nakamit ang sertipikasyon sa Participatory Guarantee System (PGS) para maging ginarantiyang organiko ang kanyang mga produkto.

Maging sa mga tanim ni Agring na mga kakaw ay natural na pataba lamang ang kanyang ginagamit tulad ng dumi ng baboy at *vermicompost.* Tinitiyak din niya na ang kanyang sakahan ay may mga tanim na kawayan bilang *buffer zone* sa mga katabing sakahan.

### Tagumpay sa Pagsasaka

Sa tulong ng organikong pagsasaka, napag-aral ni Agring ang kanyang apat na anak hanggang sa kolehiyo. *"Iyan po ang bread and butter ko. Napagtapos ko ang aking mga anak sa pagbababoy lang po,"* ani Agring.

Nakapagpatayo na rin siya ng iba't ibang pasilidad sa kanyang sakahan tulad ng lugar-pasanayan, mga palikuran, at opisina.

Bukod dito, malayo na ang narating ng Agrie's Integrated Natural Farm. Mula sa simpleng sakahan, ito ay isa na ring Learning Site for Agriculture (LSA) I ng DA-ATI CALABARZON. Sa tulong na rin ng kanyang pagiging LSA, nagsisilbi itong modelong sakahan para sa kabataan kung paano kumita sa pagsasaka. *"Ang Agricultural Training Institute o ATI rin po ang naghubog sa akin para maging empowered at paano ka mag-empower,"* pahayag ni Agring.

Nagtuloy-tuloy na rin ito bilang isang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) Farm School noong 2017, at nagpapaabot ng *vocational courses* patungkol sa pagsasaka sa kanyang komunidad. *"Marami ang nagpapatulong sa akin kung paano mag-umpisa sa pagsasaka. Kailangan po sa umpisa ay kumikita na,"* wika ni Agripina.

Aktibo rin si Agring bilang Magsasaka Siyentista (MS) sa ilalim ng Techno Gabay Program (TGP) ng DA-ATI CALABARZON. *"Naging inspiration ko po iyon na talagang pagbutihin ko ang pag-aalaga ko [sa baboy] at pag-aayos ko sa farm, kasi isa akong MS,"* wika ni Agring. *"Napakalaking opportunity po na maging president ng MS sa CALABARZON."*

Malaki rin ang naging gampanin ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan tulad ng Tanggapan ng Panlalawigang Agrikultor at Beterinaryo, maging ang mga pagsasanay ng DA- International Training Center on Pig Husbandry (ITCPH) sa pag-unlad ng sakahan ni Agring.

### Pagpapatuloy sa Pangarap

Sa ngayon, patuloy ang kanyang pangarap na mas mapabuti ang serbisyo at produksyon ng kanyang sakahan. Sa kasalukuyan, makikita na rin sa Agrie's Integrated Natural Farm ang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Kiosk, na nilalayon ni Agring na makapaghatid pa ng mga impormasyon at mga makabagong teknolohiya sa kapwa niya magsasaka at mga kabataan sa bayan ng Magdalena, Laguna.

Inaasam din ni Agring na magkaroon pa ng pasilidad tulad ng tulugan upang makapagsagawa siya ng mahahabang pagsasanay at makapaghikayat pa siya ng mga kabataan na tahakin ang landas ng pagsasaka.

Tunay nga na sa kabila ng anumang hamon sa pagsisimula ng isang bagay, ipinakita ni Agring ang determinasyon at pag-asa upang magtagumpay--sa organikong pagsasaka at sa buhay.













# KAPIT-BISIG SA KAUNLARAN:

## Mula sa Maliit na Organisasyon ng mga Magsasaka tungo sa Isang Masaganang Kooperatiba

*Charie M. Pagkaliwangan (PCA IV)*









**Itinatag ang Sama-Sama sa Kaunlaran Multi-Purpose Cooperative (SSKMPC) sa Brgy. Francisco, Tagkawayan, Quezon. Nagsimula ito bilang isang Small Coconut Farmers Association (SCFO) sa patnubay ng Philippine Coconut Authority (PCA).**

Matapos ang anim na taong pagsasanay at pagpapaunlad ng kakayahan ng mga magsasaka, nagtagumpay ang samahan sa pagtatatag ng isang matibay na pundasyon, may kapasidad, at aktibong nagtataguyod ng kapakanan ng mga miyembro nito.

Noong 1994, opisyal itong inirehistro bilang isang kooperatiba alinsunod sa Republic Act 952 o ang Philippine Cooperative Code of 2008, na layong magbigay ng pautang para sa mga hangaring produktibo at edukasyunal; at mag-alok ng mga kalakal, serbisyo, at iba pang pangangailangan ng mga miyembro nito.

Itinatag ang SCFO ni Bb. Belen S. Ruiz, na noon ay Coconut Development Officer na nakatalaga sa lugar at ngayon ay isa nang Acting Division Chief ng lalawigan.

Sa simula, ang kooperatiba ay may 30 lamang na mga miyembrong magsasaka ng niyog, na lumago sa 1,288 pagsapit ng 2023. Prayoridad ng kooperatiba ang pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan ng mga miyembro. Sinimulan ang operasyon nito na may kapital na PhP 30,000 na pinaghatian ng mga miyembro.

Nagsimula silang magpautang upang suportahan ang gastusin sa agrikultura ng mga magsasaka sa mababang interes alinsunod sa umiiral na batas. Bukod dito, sa pamamagitan ng United Coconut Planters Bank - Coconut Industry Investment Fund (UCPB-CIIF) Matutupad Program, naitatag ng SSKMPC ang PhP 500,000 *credit line* na sapat para sa mga pangangailangan ng mga miyembro.

Kalaunan, inangkop ng kooperatiba sa pamantayan ng mga bangko ang kanilang pamamaraan at nagsimulang tumatanggap ng savings at *time deposit* na may angkop na interes.

Noong 2017, naitatag ng SSKMPC ang pinansyal na kapasidad nito at nabayaran ang utang sa UCPB-CIIF. Pinalawak din nito ang mga serbisyo at sinimulang magbenta ng mga kagamitang pambahay at pangkusina, pagpaparenta, *photocopying services, cash-in* at *cash-out* na transaksyon, at ATM *withdrawal.* Habang lumalawak, inihatid din ng kooperatiba ang mga serbisyo nito sa iba't ibang barangay sa Tagkawayan.

Dahil dito, ang mahusay na pagganap ng kooperatiba sa layunin nito ay kinilala sa pamamagitan ng iba't ibang sertipikasyon, parangal, at pagkilala sa iba't ibang mga taon.

Noong 2011, napili ang SSKMPC bilang benepisyaryo ng PCA Kaanib Enterprise Development Project (KEDP) na layong ibida ang mga *coconut-based* na negosyo sa mga organisadong *cluster* ng mga sakahan ng niyog na pag-aari at/o pinatatakbo ng maliliit na magsasaka ng niyog.

Natanggap ng SSKMPC ang pagkilala para sa natatanging pagganap at kontribusyon sa 2018 National KAANIB Achievers Award sa ilalim ng Livestock Category. Noong 2023 naman, naging benepisyaryo sila ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PhilMech) *shared facility* na *white copra central facility* sa ilalim ng Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP).

Bukod sa paglikha ng trabaho sa komunidad, layon din nitong isulong ang direktang pagbebenta ng mga produkto at ang *value-added scheme* upang pataasin ang kita ng mga miyembro.

Ang kooperatiba ay dedikadong panatilihin ang operasyon nito, matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro, at suportahan ang mas malawak na komunidad sa pamamagitan ng iba't ibang inisyatiba. Sa pamamagitan ito ng pamamahagi ng mga alagang hayop, *food packs,* mga donasyon, pakikilahok sa mga *medical mission*, at pagbibigay ng mga gamit pang-eskwelahan ng mga mag-aaral sa elementarya.

Isinusulong din ng kooperatiba ang pangangalaga, proteksyon, at pagpapanumbalik ng kasaganahan ng kapaligiran.

Mula sa isang maliit na samahan sa barangay na may limitadong kapital tungo sa isang masiglang kooperatiba na may malaking bilang ng mga miyembro at iba't ibang pinagmumulan ng kita, patunay ang SSKMPC ng katatagan at kakayahang tagumpay.

Sa pamamagitan ng dedikasyon na makatugon sa pangangailangan ng komunidad, epektibong estratehiya, at pakikipagtulungan sa PCA, lokal na pamahalaan, at iba pang pambansang ahensya ng gobyerno, ang Sama-Sama sa Kaunlaran Multi-Purpose Cooperative o SSKMPC ay patuloy na isinasabuhay ang kanilang adhikain: *"Isang kooperatibang makakatulong na mapaangat ang kabuhayan ng mga kasapi at ang komunidad na kanilang kinabibilangan."*

# NaCOCO-amaze na Tagumpay ni Minda Giangan:

## Kung Paano Tinulungan ng Pagniniyog si Minda hanggang Makabuo ng Produktibong Kooperatiba

*Ramonchito F. Castillo (PCA Quezon I)*

**Si Luzviminda 'Minda' Villapando Giangan, 45, ay dating OFW at ngayon ay lider-magsasaka ng isang samahan ng mga magniniyog sa San Antonio, Quezon. Simula nang bumalik siya noong 2019, sinimulan ni Minda na gawing produktibo ang kanilang sakahan ng niyog.**

Mayroon siyang limang-ektaryang sakahan ng niyog na kanyang dinebelop upang mapagkakitaan. Mula rito, si Minda ay kumikita mula sa kopra, niyog at bao nito, buko, at minsan ay sa makapuno. Ang mga produktong ito ang nagpanatili ng kasiglahan ng kanilang sakahan. Bukod pa rito, nagsimula siyang magtanim muli at magdagdag ng mga puno ng niyog dahil ayon sa kanya, karamihan sa mga puno ay matanda na at kakaunti na lamang kung mamunga.

Sa pamamagitan ng mga proyekto ng Philippine Coconut Authority (PCA) na Participatory Coconut Planting Project at Coconut Seedlings Dispersal Project, nagawa niyang magtanim ng mga nirekomendang uri ng niyog na naaayon sa kasalukuyang demand sa merkado. Sa ngayon, isa na siyang *farmer-cooperator* para sa PCA-Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) *communal nursery*.

Kasabay nito, ang kanyang magiliw na personalidad ay nakahimok sa kanyang kapwa mga magsasaka ng niyog sa Brgy. Niing, San Antonio, Quezon. Dahil na rin sa kanyang pagsisikap, nabuo ang samahan ng mga magniniyog sa San Antonio, Quezon na layong magkaroon ng likas-kayang industriya ng niyog at hikayatin ang mga magsasaka ng niyog na gawin itong negosyo.

Ayon sa kanya, mahalaga na mapagsama-sama at maorganisa ang mga magsasaka ng niyog upang magkaroon ng akses sa teknolohiya, pautang, suporta ng pamahalaan, at paglalagakang merkado. Dagdag pa niya, ang organisadong mga magsasaka ay isang *asset* dahil nagkakaroon ito ng kapangyarihan o pwersa sa aspeto ng produksyon na maaaring magbigay-solusyon sa mga umiiral nilang suliranin.

Sa pamamagitan ng kanilang samahan na kalaunan ay naging kooperatiba—The Ruminant Raisers of San Antonio Quezon Agriculture Cooperative—matagumpay silang nakatanggap ng *loan grant* mula sa National Dairy Authority (NDA) para sa 20 *Saanen goat* na isang uri ng gatasang kambing. Mula rito, nagsimula silang mag-alaga at magpalahi ng mga kambing, at mag-*produce* ng gatas na ngayon ay isa sa kanilang pangunahing produkto kasama ng *yogurt* at keso.

Ang mga produktong ito ay maaaring mabili sa TienDa Niyogosyo (aktibidad na isinasagawa ng PCA sa anibersaryo nito), mga pamilihang pang-agrikultura, at iba pa. Ayon kay Minda, ginawa nila ang kanilang makakaya upang mabayaran ang *loan* at tiyaking walang pondo ng gobyerno ang nasasayang. Bilang resulta, mayroon na ang kooperatiba na 100 gatasang kambing.

Dagdag pa niya, ang pagpapanatili ng magandang rekord sa gobyerno ay nagbubukas ng maraming oportunidad. Sa katunayan, naging benepisyaryo sila ng 20 baka na maaaring pagkunan ng gatas. Dahil dito, nakakuha sila ng kontrata sa isang malaking kumpanya ng *gourmet ice cream.*

Ayon sa kanya, lahat ng kanilang gatas ay nakalaan sa kumpanya dahil mataas ang demand nito at ito ay isang malaking tagumpay para sa kooperatiba.

Sa kabila ng kanilang mga tagumpay, marami rin silang hinarap na hamon lalo na noong nagsisimula pa lamang—gaya ng mababang presyo ng mga produkto, paglalagakan ng mga ito, lakas-paggawa, at maging suporta ng gobyerno. Napagtagumpayan niya ang mga ito sa pamamagitan ng pagtutok at paghingi ng payo mula sa mga opisyal ng gobyerno.

Sa ganitong paraan, siya at ang mga opisyal ay nagawang mapag-aralan ang mga sitwasyon at makabuo ng solusyon para dito. Determinado ang organisasyon na ipagpatuloy ang kanilang nasimulan hindi lamang para sa kita, kundi higit sa lahat, para sa mga pamilyang umaasa sa kanila – ang mga manggagawa. Mula sa kanilang simpleng layunin, naging responsibilidad na nila ang bawat inisyatiba upang mapanatili ang kabuhayan ng mga magsasaka sa kanilang komunidad.

Kasalukuyang inilunsad ng PCA ang CFIDP na naglalayong tugunan ang karamihan sa mga problema ng mga magsasaka ng niyog. Habang ikinukuwento ni Minda ang tinahak niya at ng kanilang kooperatiba, bakas sa kanyang mga mata ang pasasalamat sa CFIDP at sa lahat ng nagbahagi ng kontribusyon na nagbigay-daan sa kanilang tagumpay.









## Kooperatiba ng mga magsasaka sa Batangas, ganap nang Organic Certifying Body sa pagsasaka

*Janine L. Cailo*

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Matapos sumailalim sa pagsasanay ng DA-ATI CALABARZON ukol sa "Fostering Organic Expertise: Transforming Certified PGS Group to Organic Certifying Body (OCB)" noong ika-12 hanggang ika-16 ng Pebrero, at sa inspeksyon ng DA-Bureau of Agriculture and Fisheries Standards (BAFS), ganap nang OCB ang Batangas Organic and Natural Farming Cooperative (BONFAC).**

Dumaan sa masusing pagsasanay ang mga kalahok, kabilang ang mga miyembro ng BONFAC, Upland Cavite Agricultural Farming Cooperative (UPCAFA), at mga piling *Agricultural Extension Workers* (AEWs) mula sa mga bayan ng Alfonso at Amadeo, Cavite; at Padre Garcia, Batangas.

Sumailalim sila sa *participatory lecture-discussion* at pagbisita sa mga taniman ni Engr. Reynald Ilagan, ang Classique Farm sa Batangas City.

Isinagawa rin ng mga kasapi ng BONFAC ang *mock peer review* o inspeksyon, kung saan kanilang hinimay ang mga proseso na isinasagawa sa nasabing *farm* upang malaman kung ang kanilang mga pamamaraan ay nakalinya sa Philippine National Standards on Organic Agriculture.

Ang grupo naman mula sa UPCAFA ay nagsagawa rin ng *peer review* sa Amadeo, Cavite.

Nagpahayag ng pagsuporta ang pamunuan ng DA-ATI CALABARZON sa pangunguna ni Center Director Dr. Rolando V. Maningas. Kanyang pinangunahan ang pagsasanay ng mga kalahok, sa pamamagitan ng Partnerships and Accreditation Section (PAS) ng DA-ATI CALABARZON.

Samantala, nagsilbing mga tagapagtalakay sa pagsasanay sina G. Arnaldo P. Gonzales at G. Aries Labonera mula sa DA-Regional Field Office IV-A; at Bb. Soledad E. Leal ng DA-ATI CALABARZON.

## Pagpapataas sa produktibidad ng sakahan, target ng pagsasanay sa *rice-based farming system and diversification technologies*

*Archie C. Linsasagin*

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Bilang isa sa mga interbensyon para mapataas ang produktibidad ng mga sakahan, tatlumpung (30) magpapalay mula sa iba't ibang *rice clusters* sa mga bayan ng Nasugbu at Padre Garcia sa Batangas ang sinanay ng "Embracing Ingenuity through Rice-Based Farming System and Diversification Technologies" ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON noong Abril 10-12, 2024.**

Hangad ng pagsasanay na pahusayin pa ang mga magsasaka sa paggamit ng iba't ibang teknolohiya sa produksyon ng palay at makabagong kasanayan sa pagsasaka.

Katuwang sa pagpapatupad ng pagsasanay ang DA-Regional Field Office (RFO) IV-A, DA-Philippine Rice Research Institute-Los Baños (PhilRice-LB), Bureau of Animal Industry-National Swine and Poultry Research and Development Center (BAI-NSPRDC), gayundin ang Agrie's Integrated Natural Farm at Kititay's Integrated Farm na mga Learning Site for Agriculture (LSA) ng DA-ATI CALABARZON sa Magdalena, Laguna.



Sa loob ng tatlong araw, natutuhan ng mga kalahok ang mga konsepto at prinsipyo ng Palayamanan, *Sustainable Pig Farming* (SPF), at kahalagahan ng pag-aalaga ng pato sa palayan.

Sa pagtatapos ng pagsasanay, ibinahagi ng mga piling kalahok ang mahahalagang natutuhan nila at kanilang pasasalamat.

Ani Natalia Tolentino ng Nasugbu, Batangas, *"Marami kaming natutuhan sa pagsasanay na ito at isang bagay ang sinisigurado ko na pagdating namin sa amin ay ibabahagi ko rin ito sa aming mga kapwa magsasaka."*

Nagpaabot din ng mensahe si DA-ATI CALABARZON Center Director Dr. Rolando V. Maningas sa mga kalahok. Aniya, *"Makakaasa po kayo na kami sa ATI CALABARZON ay patuloy na susuporta sa inyo at nawa'y maibahagi ninyo ang mga kaalaman sa inyong mga ka-miyembro."*

## Pagsasanay sa paggawa ng mga produkto mula sa niyog, inaasahang magbibigay ng dagdag-kita sa mga magniniyog

*Archie C. Linsasagin*

**PADRE GARCIA, Batangas — Upang makapagbigay ng dagdag-kita sa 26 na mga magniniyog sa CALABARZON, itinampok sa pagsasanay na "Empowering Coconut Communities through High-value Food Products and Coconut Shell Crafts" ang paggawa ng iba't ibang produkto mula sa niyog.**

Sa pamamagitan ng suporta mula sa DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON, pinangasiwaan ng MoCa Family Farm RLearning Center, Inc. ang pagsasanay noong Marso 20-22, 2024, na ginanap din sa nasabing farm.

Sinanay ang 26 na mga magniniyog mula sa mga bayan ng San Juan at Padre Garcia, Batangas; Dolores at Atimonan, Quezon, sa pagluluto ng mga pagkaing sinangkapan ng gata at *coconut flour,* gayundin ang paglikha ng sining at mga kagamitan mula sa bao ng niyog o *coconut shell.*

Nagsilbi namang tagapagsanay sina Bb. Gloria Pontejos- Morris, Bb. Madelene D. Dupale, at G. Jose B. Bañares na nagpakita ng potensyal ng iba't ibang bahagi ng niyog para magkaroon ng dagdag na pagkakakitaan o *value-adding.*

Isa ang MoCa Family Farm RLearning Center, Inc. sa mga Private Agriculture and Fisheries Extension Service Provider (PAF-ESP) ng DA-ATI CALABARZON na katuwang ng ahensya sa pagbibigay ng mga pagsasanay at iba pang gawaing pang-ekstensyon para sa mga magsasaka at mangingisda.







## Dagdag-kaalaman at kita sa pag-aalaga ng *native* na manok, hatid ng ATI sa mga katutubong Ayta sa Batangas

*Hans Christopher Flores*

**ROSARIO, Batangas – Inihatid ng DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON sa mga katutubong Ayta ang seminar na "Native na Manok: Karagdagang Kaalaman sa Pag-aalaga para sa mga KATUTUBO (KATUwang TUngo sa ProgresiBOng Agrikultura)" noong Mayo 30 na layong magturo kung paano mag-alaga ng *native* na manok na siya namang makatutulong din upang magkaroon ng dagdag na pagkakakitaan ang mga kalahok.**







Dinaluhan ang nabanggit na seminar ng 25 mga katutubo na naninirahan sa Brgy. Puting Kahoy, Rosario, Batangas.

Katuwang ng DA-ATI CALABARZON ang Tanggapan ng Pambayang Agrikultor ng Rosario, Batangas sa pagsasagawa ng seminar, kung saan nagsilbing tagapagtalakay ang Agricultural Technologist ng nasabing bayan na si G. Niño Paolo Montales.

Ang nasabing gawain naman ay pinangunahan ng Planning, Monitoring, and Evaluation Unit (PMEU) ng DA-ATI CALABARZON.

Bahagi ang seminar na ito ng inisyatiba ng ahensya na makapagbigay ng mga inklusibong pagsasanay na nakatuon sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga katutubo tungo sa pagpapaunlad ng kanilang kabuhayan sa agrikultura.

# Mga Naisakatuparan

Enero - Hunyo 2024

| Programa | Bilang ng Pagsasanay | Bilang ng Mga Kalahok |
|---|---|---|
| Rice Program | 19 | 542 |
| HVCDP | 0 | 0 |
| RCEF Program | 4 | 93 |
| Binhi ng Pag-asa Program | 1 | 30 |
| PAFES | 0 | 0 |
| NUPAP | 7 | 235 |
| Corn Program | 2 | 61 |
| OA Program | 4 | 99 |
| Regular Program | 22 | 686 |
| Livestock Program | 9 | 288 |
| CFIDP | 23 | 582 |
| Other Extension Services | 3 | 101 |


Department of Agriculture

**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**

REGIONAL TRAINING CENTER

CALABARZON

8575 Camerino St., Brgy. Lapidario
Trece Martires City, Cavite

rtc_calabarzon@ati.da.gov.ph | (046) 419 - 0210 | ati2.da.gov.ph/ati-4a | @aticalabarzon